



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang tagapayo sa Unang Panguluhan

# Pagbabahagi ng Pinaniniwalaan Mo

Scientist noon ang tatay ko. Minsan ay nabasa ko ang isang mensaheng ibinigay niya sa isang malaking grupo. Dito, nagsalita siya tungkol sa Paglikha at sa isang Lumikha habang nagsasalita siya tungkol sa siyensya. Alam ko noon na iilan lang sa grupo ang katulad niya ang pananampalataya. Kaya sinabi ko sa kanya nang may pagtataka, "Itay, ibinahagi mo po ang iyong patotoo."

Tiningnan niya ako nang may pagkagulat at sinabing, "Ginawa ko ba 'yun?" Ni hindi niya alam na naging matapang siya. Sinabi lang niya ang alam niyang totoo.

Lahat tayo na nabinyagan ay nangakong ibabahagi ang ebanghelyo. Maaari tayong manalangin nang may pananampalataya para madama ang pagmamahal ng Tagapagligtas para sa atin at sa lahat ng nakikilala natin. Masasabik kayo sa Simbahan ng Panginoon at sa Kanyang gawain, at makikita ito sa atin. Ang pagsasalita tungkol sa pinaniniwalaan mo ay magiging bahagi ng kung sino ka. ●


*Hango sa "Anak at Disipulo,"* Liahona, *Mayo 2003, 29–32.*



## Mga Simpleng Paraan ng Pagbabahagi

Maibabahagi mo ang ebanghelyo sa maraming paraan.
Isulat kung ano ang maaari mong sabihin sa bawat tao para maibahagi ang pinaniniwalaan mo. Ang una ay ginawa na para sa iyo.







MGA LARAWANG-GUHIT NI ALYSSA TALLENT